Mga Iniinom na Kontra-bulate

- **Paunang salita**
- **Mga Kontra-bulate**
- **Karaniwang mga side effect at pag-iingat**
- **Pangkalahatang Payo**
- **Komunikasyon sa iyong doktor**
- **Pag-iimbak ng mga kontra-bulate**

Preface

Ang mga kontra-bulate ay mga gamot na ginagamit para mapuksa ang mga parasitikong bulate (helminthes) mula sa katawan ng tao. Ang mga impeksyon ng mga helminth ay isa sa pinaka-karaniwang impeksyon, nakakaapekto ito sa malaking proporsyon ng populasyon sa mundo, lao na sa mga rehiyong tropical. Sa mga umuunlad na basa, ito ay may malaking banta sa pampublikong kalusugan, at nagdudulot sa malnutrition, anemia, eosinophilia (mataas sa normal na lebel ng white blood cell), at pulmonya. Ang mga bulate na nagdudulot ng impeksyon sa tao ay mga roundworm, tapeworm at fluke.

1. Mga roundworm:
Ang roundworm ay mga bulate na maaaring mamugad sa daloy ng panunaw ng tao (digestive tract), lalo na sa maliit na bituka (small intestine). Ito ay mga parasitiko na at ginagamit ang katawan ng tao para manatiling buhay, kumain, at magparami. Nabubuhay ang mga ito sa maliit na bituka at ang mga itlog nito ay nailalabas sa dumi. Ang impeksyon ay naipapasa sa pagkain o inuman na kontaminado ng mga itlog nito. Ang pinagmulan ng kontaminasyon tulad ng maduming kamay, langaw at ibang insekto ay maaari ring paraang ng pagpasasa. Ang sintomas na nakikita sa may impeksyong dulot ng roundworm ay naduduwal, masakit ang tiyan, paulit-ulit na pagdudumi at pangangati sa puwitan.

Sa maraming mga tao, ang impeksyong dulot ng roundworm ay hindi nagdudulot ng napapansing mga sintomas. Ang mga tao ay kadalasang nagpupunta sa kanilang doktor dahil nakakita sila ng bulate sa kanilang dumi.

2. Mga tapeworms:
Ang impeksyong dulot ng tapeworm ay dahil sa pagkain o tubog na kontaminado ng

mga itlog o larvae (maliliit at batang bulate). Kung ikaw ay nakakain ng larva ng tapeworm larvae, ito ay lalaki na matandang tapeworm sa iyong bituka (impeksyon sa bituka). Ang impeksyong dulot ng tapeworm sa bituka ay kadalasan na banayad, ang kadalasang sintomas ay naduduwal at nanghihina.

Ang ibang tao na may impeksyong dulot ng tapeworm ay hindi kailangan ng gamot, dahil ang tapeworm ay aalis ng katawan nang kusa nito. Hindi mo alam na ikaw ay may impeksyong dulot ng tapeworm hangga't makakita ka ng bahagi ng bulate sa iyong dumi.

3. Mga fluke:
Mayroong apat na kategorya ng mga impeksyong dulot ng fluke infections na nagdudulot ng sakit sa tao: mga impeksyon sa dugo, bituka, atay at baga. kadalasan ikaw ay naiimpeksyon ng mga fluke sa paglangoy o paghuhugas sa tubig tabang na may mga fluke. Ang mga sintomas ay kadalasang nakikita lamang sa mga matinding impeksyon tulad ng lagnat, pananakit, at eosinophilia.

Mga kontra-bulate

Ang mga rehistradong kontra-bulate sa Hong Kong ay makukuha sa pormang iniinom ang dosis tulad ng mga tabletas. Kung ikaw ay may mga sintomas at hinihinala mo na ikaw ay may bulate, ikaw ay inaasahan na humingi ng opinyon ng doktor bago gumamit ng anumang gamot. Ang kadalasang ginaginamit ay ang mebendazole at mga analogues na flubendazole, praziquantel at pyrantel. Ang mga iba tulad ng levamisole at pyrvinium ay ginamit din dati.

Ang mebendazole, flubendazole, at pyrantel ay para sa mga impeksyong dulot ng roundworm. Ang mebendazole at flubendazole ay gumagana sa pagpigil sa mga roundworm na gumamit ng glucose, at kung wala ito, ang mga selula ng mga roundworms ay mawawalan ng lakas at madaling mamamatay. Samantalang ang pyrantel ay gumagana sa pagparalisa sa mga bulate at nagiging paraan na "mawala ang kapit" ng mga bulate sa bituka at mailabas sa sistema sa natural na paraan.

Ang praziquantel ay kapwa para sa impeksyong dulot ng both tapeworm infections at fluke. Ito ay gumagana sa pamamagitan ng pagkakaroon ng ilang paghilab at pagiging paralisado ng mga kalamnan ng bulate.

Karaniwang mga side effect at pag-iingat

Mga Kontra-bulate	Karaniwang mga side effect	Mga Pag-iingat
1. Mebendazole / flubendazole	• Sakit ng tiyan • Pagdudumi • Sakit ng ulo • Pagkahilo	• Ang mga pasyente na binigyan ng mataas na dosis ay dapat na bantayang mabuti sa pagsuri ng bilang ng dugo at paggana ng atay • Ang gamutan na mataas ang dosis ay maaaring hindi nararapat sa may sakit sa atay
2. Praziquantel	• Sakit ng ulo • Pagdudumi • Pagkahilo • Pagkaantok • Masamang pakiramdam • Hindi maginhawang pakiramdam • Naduduwal • Pagsusuka	• Hindi dapat gamitin sa mga pasyente na may mayocular o spinal cysticercosis (impeksyon sa tissue na may mga larva ng tapeworm) • Ang mga pasyente at dapat bigyang babala na ang praziquantel ay maaaring magdulot ng pagkahilo or pagkaantok at kung naapektuhan ay hindi dapat na magmaneho o magpaandar ng makinarya 24 oras pagkatapos ng gamutan

3. Pyrantel	• Naduduwal at pagsusuka • Anorexia • Sakit ng tiyan • Pagdudumi	• Dapat gamitin nang may pag-iingat sa mga pasyente na may sakit sa atay • Pagkahilo or pagkaantok ay iniulat. Kung maapektuhan, huwag magmaneho o magpaandar ng makinarya.

Pangkalahatang Payo

- Kung ikaw ay may impeksyon, gamitn ang mga gamot ayon sa inutos. Huwag itong gamitin nang sobra at huwag itong gamitin nang madalas maliban sa iniutos ng iyong doktor.
- Upang mawala ang iyong impeksyon, kompletuhin ang kabuuang gamutan ayon sa iniutos.
- Upang maiwasan ang pag-ulit ng mga impeksyon:
  - Iwasang kamutin ang lugar malapit sa iyong puwitan.
  - Maghugas ng kamay ay kugko gamit ang sabon sa araw, lalo ng kung bago kumain at pagkatapos gumamit ng banyo.
  - Magsuot ng mahigpit na panloob kapwa sa umagaw at ataw. Palitan ito araw-araw.
  - Linisin ang sahig ng banyo sa pamamagitan ng pag-vacuum o paglampaso ng ilang araw ilang araw pagkalipas ng gamutan. Iwasan ang pagwawalis nang tuyo na maaaring umikot at humalo ang alikabok.
  - Panatilihing malinis ang upuan ng inidoro.
  - Wash (not shake) all bedding and pajamas after treatment.
- Iwasang kumain ng hilaw o hindi sapat ang luto ng karne tulad ng baboy, baka at isda.
- Kapag naglalakbay, gumamit ng nakaboteng tubig at umiwas sa mga hilaw na gulay maliban kung kaya mo itong balatan at hugasan.

Komunikasyon sa iyong doktor

- Humingi ng payo sa iyong doctor sa pinakamahusay na paraan sa paggagamot. Ang iyong doktor ay magrereseta ng pinakaangkop na gamot para sa iyo pagkatapos na isaaalang-alang ang iyong kondisyon at ang iyong pagtugon sa mga gamot.
- Kung ang iyong mga sintomas ay hindi bumuti sa loob ng ilang araw, pagpasuri sa iyong doktor.
- Ang ibang mga gamot na kontra-bulate ay maaaring may interasyon ibang mga gamot. Ipagbigay alam sa iyong doktor kung anong mga gamot ang iyong ginagamit, kasama ang mga gamot na over-the-counter medicines, upang makapag desisyon kung aling kontra-bulate ang pinakaligtas na gamot para iyong magamit.
- Ipagbigay-alam sa iyong doktor ang iyong kasaysayang medikal dahil may ilang sakit na maaaring nangangailangan ng mga ispesyal na pag-iingat.
- Ipagbigay-alam sa iyong doktor na ikaw ay buntis o nagpapasuso dahil ang ilan sa mga iniinom na mga kontra-bulate at hindi dapat gawin ng mga nagbubuntis o nagpapasuso.
- Kaagad na humingi ng payong medikal kung ikaw ay nakararanas anumang sintomas o mga side effect na hinihinalang may kaugnayan sa kontra-bulate. Maaaring suriin ng doktor mo ang tipo ng iyong medikasyon.

Pag-iimbak ng mga kontra-bulate

Ang mga kontra-bulate ay dapat itago sa isang malamig at tuyong lugar. Maliban kung nakasaad sa pabalat, ang mga gamot hindi dapat itago sa refrigerator. Dagdag pa, ang mga gamot ay dapat na maayos na nakatago sa mga lugar na hindi maaabot ng mga bata para maiwasan ang aksidenteng pagkainom.

Pagkilala: Ang Opisina ng Gamot ay nais na magpasalamat sa Professional Development and Quality Assurance (PD&QA) para sa kanilang mahalagang kontribusyon para sa paghahanda ng artikulong ito.

Opisina ng Gamot
Kagawaran ng Kalusugan
Dec 2020